

## Kung bumili ka dati o kung hindi man ay nakakuha ng ilang partikular na security ng Petrobras, maaari kang makakuha ng cash na bayad mula sa isang settlement sa class action.

Dalawang iminungkahing settlement ang napagkasunduan sa isang demanda ng class action ukol sa mga security na isinampa ng mga namumuhunan laban sa Petróleo Brasileiro S.A. (“Petrobras”) at sa ilang partikular na affiliate, nakalagda sa ilalim, panlabas na tagasuri, at mga kasalukuyan at dating direktor at opisyal nito. Kasama sa Mga Settlement ang ilang partikular na security na inilabas ng Petrobras. Itinanggi ng Petrobras, ang Mga Nasasakdal na Nakalagda sa Ilalim, at ng PricewaterhouseCoopers Auditores Independientes (“PwC Brazil”) ang anuman at ang lahat ng paratang ng maling gawain, at hindi nakapagpasya ang Hukuman ng Distrito kung sino ang tama.

**Kung humiling ka ng pagbukod bilang tugon sa dating ipinadalang paunawa ng pagiging nakabinbin ng class action na may petsang Mayo 9, 2016, kasama ka sa Settlement na ito,** at dapat ay humiling kang muli ng pagbukod kung ayaw mong mapasama sa Settlement Class.

**Kasama ba ako sa mga ipinanukalang Settlement?** Hinihikayat kang bisitahin ang website na [www.PetrobrasSecuritiesLitigation.com](http://www.PetrobrasSecuritiesLitigation.com) upang malaman kung kasama ka sa Settlement Class. Kasama sa Settlement Class ang lahat ng Taong:

- bumili o nakakuha ng Mga Security ng Petrobras, sa Yugto ng panahon sa pagitan ng Enero 22, 2010 at Hulyo 28, 2015, (ang “Yugto ng Class”) kapag kasali ang lahat, kasama na ang mga security para sa utang na inilabas ng PifCo at/o PGF, sa New York Stock Exchange o alinsunod sa iba pang **Mga Saklaw na Transaksyon**; at/o
- bumili o nakakuha ng mga security para sa utang na inilabas ng Petrobras, PifCo, at/o PGF, sa **Mga Saklaw na Transaksyon**, nang direkta, alinsunod at/o maiiugnay pabalik sa isang alok sa publiko noong Mayo 13, 2013 na nakarehistro sa Estados Unidos at/o isang alok sa publiko noong Marso 10, 2014 na nakarehistro sa Estados Unidos bago ginawa ng Petrobras na pangkalahatang available sa mga may hawak ng security nito ang pahayag ng mga kita na sumasaklaw sa yugto ng panahong hindi bababa sa labindalawang buwan na nagsimula pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng mga alok (Agosto 11, 2014 sa kaso ng alok sa publiko noong Mayo 13, 2013 at Mayo 15, 2015 sa kaso ng alok sa publiko noong Marso 10, 2014).

Para sa mga layunin ng Mga Settlement, tumutukoy ang “**Mga Saklaw na Transaksyon**” sa anumang transaksyon na nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na pamantayan:

- anumang transaksyon sa isang Security ng Petrobras na nakalista para sa trading sa New York Stock Exchange (“NYSE”);

- anumang transaksyon sa isang Security ng Petrobras na na-clear o na-settle sa pamamagitan ng system ng pagpapasok sa aklat ng Depository Trust Company; o
- anumang transaksyon sa isang Security ng Petrobras kung saan nalalapat ang mga batas sa security ng Estados Unidos, kasama na kung nalalapat alinsunod sa pasya ng Korte Suprema sa *Morrison v. National Australia Bank*, 561 U.S. 247 (2010).

Ang ganap na kahulugan ng Settlement Class, gayundin ang mga kumpletong listahan ng Mga Security ng Petrobras na kwalipikado upang matugunan ang mga pamantayan (i), (ii), at (iii) ay makikita sa: [www.PetrobrasSecuritiesLitigation.com](http://www.PetrobrasSecuritiesLitigation.com).

**Ano ang ibibigay sa Mga Settlement?** Sumang-ayon ang Petrobras, ang Mga Nasasakdal na Nakalagda sa Ilalim, at ang PwC Brazil na magkaroon ng Mga Settlement na may pinagsama-samang halaga na US\$3 bilyon (US\$3,000,000,000.00). Ang iminungkahing settlement ay maaaring magbigay ng cash na bayad depende sa: kung aling mga security ang binili o kinuha mo; bilang ng mga kwalipikadong security na binili o kinuha mo; at kung kailan mo binili o kinuha ang mga kwalipikadong security.

**Paano ako makakakuha ng Bayad?** Dapat kang magsumite ng Patunay ng Claim upang makatanggap ng bayad na na-postmark o naimutema sa pagsapit ng **Hunyo 9, 2018**. Bumisita sa website at maghain ng Patunay ng Claim online, o mag-download ng isa at maghain sa pamamagitan ng koreo.

**Ano ang iba ko pang mga opsyon?** Kung ayaw mong legal na masaklawan ng Settlement, dapat mong ibukod ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na form ng Kahilingan para sa Pagbukod nang sa gayon ay matanggap ito nang hindi lalampas sa **Abril 27, 2018**. Kung hindi mo ibukod ang iyong sarili, bibitawan mo ang anumang claim na maaaring mayroon ka laban sa Petrobras, ang Mga Nasasakdal na Nakalagda sa Ilalim, at PwC Brazil at ilang partikular na iba pang Mga Partidong Inalisan ng Pananagutan. Maaari kang tumutol sa Settlement sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na pagtutol upang matanggap ito nang hindi lalampas sa **Mayo 11, 2018**. Hindi mo maaaring parehong ibukod ang iyong sarili, at tumutol, sa Settlement. **Ipinapaliwanag ng mas mahabang Paunawa na makikita sa website na nakalista sa ibaba kung paano ibukod ang iyong sarili o tumutol.** Ang hukuman ay magsasagawa ng Pagdinig para sa Settlement sa **Hunyo 4, 2018** upang isaalang-alang kung tuluyang aaprubahan ang Settlement at upang humiling ng mga bayad ng mga abugado na hanggang 9.5% ng kabuuang Halaga ng Settlement, na \$285,000,000.00, at paggawad ng kabayaran na hanggang \$400,000 para sa mga Kinatawan ng Class. Maaari kang dumalo sa Pagdinig para sa Settlement, nang mag-isa o sa pamamagitan ng isang abugadong kinuha mo, ngunit hindi mo iyon kinakailangang gawin. Para sa karagdagang impormasyon, kasama na ang tulong, pagiging kwalipikado, at pagbitaw sa mga claim, tumawag sa numero o bumisita sa website sa ibaba.